
5

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## Agrikultura – Modyul 4:
## Mga Hayop Ko, Aalagaan Ko!



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan – Ikalimang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Agrikultura – Modyul 4: Mga Hayop Ko, Aalagaan Ko!**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Clarissa G. Marapao
**Editor:** Wilma S. Carreon, Henry T. Jarina
**Tagasuri:** Medarlou A. Genoguin, Gary B. Mosquito
**Tagalapat:** Eugene S. Ignacio
**Tagapamahala:**
Ramir B. Uytico
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Judella R. Lumpas
Margarito A. Cadayona, Jr.
Jose B. Mondido
Francisco L. Bayon-on, Jr.
Amer L. Santolorin
Medarlou A. Genoguin

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Regional No. VIII**

Office Address: Government Center, Cadahug, Palo, Leyte
Telefax: 053 – 323-3156
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

# 5

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## Agrikultura – Modyul 4:

## May Yaman sa Hayop, Kaya Aalagaan Ko!

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **E.P.P. - Ikalimang Baitang** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa Araling **Agrikultura – May Yaman Sa Hayop, Kaya Aalagaan Ko!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Agrikultura – May Yaman Sa Hayop, Kaya Aalagaan Ko!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutan lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutan ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Para maintindihang mabuti ang modyul na ito, kailangan mong gawin ang mga sumusunod:

1. Magsimula sa pamamagitan ng pagbabasa at pag-unawa sa Paunang Salita.
2. Alamin kung ano ang nalalaman mo sa pamamagitan ng pagsagot sa mga katanungan mula sa Subukin, pagkatapos suriin ang iyong sagot laban sa Gabay sa Pagwawasto. Kung nakakuha ka ng 99 hanggang 100% ng mga aytem nang tama, maaaring magpatuloy sa susunod na aralin. Nangangahulugan ito na hindi mo kailangang dumaan sa aralin dahil alam mo na kung ano ang tungkol dito. Kung nabigo kang makakuha ng 99 hanggang 100% nang tama, ulitin ang aralin at suriin muli lalo na ang mga aytem na nabigo mong makuha.
3. Gawin ang kinakailangang Gawain sa Pagkatuto. Nagsisimula sila sa isa o higit pang impormasyong pahina. Ang isang pahina ng impormasyon ay naglalaman ng mga mahalagang tala o pangunahing impormasyon na kailangan mong malaman.

   Matapos basahin ang pahina ng impormasyon, subukan kung gaano kalawak ang iyong natutunan sa pamamagitan ng pagsuri sa sarili. Sumangguni sa Gabay sa Pagwawasto para sa tamang sagot. Huwag mag-atubiling balikan ang pahina ng impormasyon kapag hindi mo nakuha nang tama ang lahat ng mga aytem sa pagsubok. Titiyakin nito ang iyong kasanayan sa pangunahing impormasyon.
4. Ipakita ang iyong nalalaman sa pamamagitan ng pagsasagawa sa mga gawain.
5. Dapat mong ilapat ang iyong mga natutunan sa iba pang mga gawain o sa totoong sitwasyon sa buhay.

Sa pamamagitan ng modyul na ito, matutulungan ka upang maipaliwanag ang kabutihang dulot ng pag-aalaga ng hayop na may dalawang paa at pakpak o isda. Dapat tandaan, ang alagang hayop sa tahanan ay maituturing na isang magandang kasama sa bahay.

## *Subukin*

Bago umpisahan ang modyul na ito, gawin muna ang sumusunod na pagsasanay upang malaman kung gaano na kalawak ang iyong kaalaman sa paksang tatalakayin.

**Panuto:** Sagutin ng **T** kung tama at **M** kung mali ang isinasaad, Isulat ang sagot sa kwaderno.

_________ 1. Nangangailangan ng malaking puhunan ang pag-aalaga ng hayop.

_________ 2. Napapakinabangan ito ng pamilya.

_________ 3. Ang pag-aalaga ng hayop ay perwesyo lamang.

_________ 4. Napagkukunan ng pagkain ang pag-aalaga ng hayop.

_________ 5. Pandagdag sa gastos at budget ng pamilya.

_________ 6. Nakapagbibigay saya sa tao ang pag -aalaga ng hayop.

_________ 7. Ang pag-aalaga ng manok at pato sa bakuran ay nakatutulong sa pamilya.

_________ 8. Ang Inahin at Tandang ay isang uri ng pato.

_________ 9. Ang isdang Tilapia at Bangus ay mainam alagaan.

_________ 10. Pwedeng gawing palamuti sa bahay ang balahibo ng manok.

**Aralin 1**

# May Yaman Sa Hayop, Kaya Aalagaan Ko!

Ang pag-aalaga ng hayop ay malaking tulong sa kaginhawaan ng isang pamilya. Nakapagbibigay ito ng karagdagang kita at masustansiyang pagkain para sa pang-araw-araw na pangangailangan. Maraming kabutihan ang naidudulot ng pag-aalaga ng mga hayop at ito ay kinagigiliwan ng iilan dahil nakapagbibigay ito ng kaligayahan at nakatatanggal ng pagod.

## *Balikan*

Sa nakaraang aralin, natutunan mo ang iba't-ibang mga peste at kulisap kasama ang masistemang pagsugpo nito. Bago ipagpatuloy ang bagong aralin, maaaring sagutin muna ang sumusunod na pagsasanay.

**Panuto:** Sagutin ang bawat bilang at piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon. Gawin ito sa kawaderno.

| | | |
|---|---|---|
| Plant Hoppers | Ring Borer | Aphids |
| Armored Scale | Leaf Roller | |

1. Ang pesteng ito ay sobrang mapaminsala sa mga punongkahoy. Mahalagang panatilihing malinis palagi ang buong kapaligiran na maaaring pagpugaran ng mga ito.

2. Ang pesteng ito ay madalas na naninirahan sa mga tuyong dahon at iba pang mga sirang bagay. Pwedeng puksain ang insektong ito gamit ang *Methyl Parathion.* Upang maiwasan ang pagdami ng mga ganitong uri ng insekto, panatilihing malinis ang buong kapaligiran at siguraduhing walang mga nakatambak na basura.

3. Ang pesteng ito ay naninirahan sa mga dahon at nagiging dahilan ng pagkasira at pagkabulok nito. Maaaring puksain ang mga ito sa pamamagitan ng dinurog na sili, sibuyas at luya.

4. Mabilis itong dumami sa pamamagitan ng pangingitlog sa mga malalagong damuhan. Pinupuksa ang mga ito sa pamamagitan ng *(NIA) Natural Insect Attractant* na gawa sa pinaghalong suka/tuba at asukal/*molasses.*

5. Mabilis itong umatake sa mga dahon ng mga halamang gulay at binubutas ang mga ito. Mabilis itong mapuksa gamit ang *NIA o Natural Insect Attractants.* Mainam din na magtanim ng mga *insect repellants* sa paligid ng mga kamang taniman tulad ng tanglad *o lemon grass.*

# ***Tuklasin***

Basahin ang tula.

**ANG AKING MAAMONG MANOK**
(Isinulat ni: Sunshine Joy C. Manglib)

Ako'y may alagang maamong manok
Mabait, mataba at maliksi ang alaga kong manok
Aking inalagaan, pinakain, pinainom at tiniyak
ang lugar para mabuhay.

Nang hindi naglaon, di lang siya nag-iisa
Pagkat nangitlog ito ng isang dosena
At di kalauna'y naging magagandang sisiw
Sila ay nagbibigay aliw sa tuwing bigyan ng pagkain.

Kapag ako'y malungkot, ito'y nauudlot
Saya at tuwa ang kanilang dulot
Dating isang manok ngayo'y naging labing tatlo
Tanging saya ang kanilang naidulot.

Mga tanong:
1. Ano ang pamagat ng tula?
2. Anong hayop ang inaalagaan sa tula?
3. Ano-ano ang mga katangian nito?
4. Ano ang dulot ng pag-aalaga ng manok na binanggit sa tula?
5. Bakit naging masaya ang lahat?

## *Suriin*

Ang tamang pag-aalaga ng mga hayop ay tulad ng paghahalaman na malaki ang pakinabang upang magkaroon ng karagdagang kita para sa pang araw-araw na pangangailangan. Ito ay nakapagbibigay rin ng mga masusustansiyang produkto tulad ng itlog at karne na pangunahing pangangailangan ng tao. Halos lahat ng bahagi ng hayop ay nagagamit at napagkakakitaan tulad na lamang ng mga balahibo ng manok at pabo na maaaring gawing palamuti sa bahay.

Maaari kang makakuha na mga kabutihang dulot sa pag-aalaga ng hayop na may dalawang paa at pakpak o isda.

Narito ang mga sumusunod na halimbawa.

- Mga halimbawa ng hayop na may dalawang paa at pakpak o isda na pwedeng alagaan.

  1. Kalapati
  2. Pato
  3. Manok
  4. Itik
  5. Bangus
  6. Tilapia

- Mga kabutihang dulot ng pag-aalaga ng hayop na may dalawang paa at pakpak o isda

  1. Nakapagbibigay saya at nakakaalis ng inip.
  2. Nakapagpapabuti sa kalusugan.
  3. Nakapagpapaunlad sa kabuhayan ng mag-anak.
  4. Nakapagbibigay ng pagkain tulad ng itlog at karne.
  5. Nakatutulong sa mga gastusin sa bahay.
  6. Magandang kasanayan sa bata na magkaroon ng responsibilidad sa pag-aalaga.
  7. Ginagamit na palamuti tulad ng balahibo ng manok.
  8. Ang dumi ng mga hayop ay mabisang pampataba ng halaman – ginagawang organikong pataba.

Maraming kabutihan ang naidudulot ng pag-aalaga ng hayop sa tao. Nakadarama ng kasiyahan ang isang tao na may mga alagang hayop sa bahay. Ito rin ay nakabubuti sa ating kalusugan dahil nakakaalis ito ng pagod at nakapagpapababa ng dugo.




## *Pagyamanin*

**Panuto:** Sagutan ng **<u>TAMA</u>** kung wasto ang isinasaad ng pahayag at **<u>MALI</u>** kung hindi. Kopyahin ang mga pahayag at isulat sa patlang ang tamang sagot. Gawin ito sa iyong kwaderno.

________ 1. Nagdudulot ng kasiyahan sa pamilya ang pag-aalaga ng hayop.

________ 2. Mabisang gawing pataba sa mga tanim ang dumi ng hayop.

________ 3. Nakapagdagdag ng kita ng mag-anak ang pag-aalaga ng hayop na may dalawang paa, pakpak o isda.

________ 4. Nagbibigay ng stress sa tao ang pag-aalaga ng hayop na may dalawang paa, pakpak o isda.

________ 5. Ginagawang palamuti ang mga balahibo ng hayop na may dalawang paa, at pakpak.



## *Isaisip*

**Panuto:** Sagutan ang mga sumusunod na mga katanungan. Ipaliwanag at isulat ang tamang sagot.

1. Bakit kaya may mga tao na gustong mag-alaga ng hayop?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

2. Anu-ano ang mga pakinabang na makukuha ng pamilya mo sa pag-aalaga ng hayop?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

# *Isagawa*

Kilalanin kung ano ang kabutihang dulot sa mga isinasaad ng bawat pangungusap. Piliin ang angkop na kasagutan. Isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Si Gabriel ay may alagang manok sa likod bahay nila, ano ang kabutihang dulot nito sa kanyang pamilya?
   a. dagdag kita sa pamilya
   b. nakapagdulot ng kalat sa bakuran
   c. dagdag gastos wala namang pera

2. Paano mapakinabangan ang balahibo ng alagang manok?
   a. gawing pagkain
   b. gawing palamuti sa bahay at kasuotan sa mga paligsahan.
   c. itago sa loob ng bahay

3. May palaisdaan ang iyong pamilya, ano ang kabutihang dulot nito sa inyo?
   a. ulam ng pamilya
   b. dagdag gastos
   c. palamuti sa bahay

4. Ano ang maaaring gawin sa mga dumi ng iyong alagang hayop?
   a. hindi lilinisan
   b. itatapon sa dagat
   c. gawing pataba sa halaman

5. Piliin ang angkop na kabutihang dulot ng pag-aalaga ng kalapati sa tao.
   a. nakapagbibigay saya at nakakaalis ng inip
   b. nakadagdag stress sa pamilya
   c. pabayaan na lamang

## *Tayahin*

**Gawain 1**

Tukuyin kung anong produkto ang maaaring mapagkakitaan sa pag-aalaga ng hayop na may dalawang paa at pakpak o isda. Piliin ang angkop na sagot mula sa loob ng kahon. Gawin ito iyong sa kwaderno.

A. karne
B. itlog
C. kanin
D. pataba sa halaman
E. magtanim ng palay
F. damit sa paligsahan
G. palamuti sa bahay

**Gawain 2**

**Panuto:** Lagyan ng **(✓)** kung sang-ayon ka sa isinasaad ng pahayag at **(X)** kung hindi. Gawin ito sa iyong kwaderno.

________ 1. Ang pag-aalaga ng hayop ay nakatatanggal ng pagod at nakapagbibigay kasiyahan sa isang tao.

________ 2. May mga hayop na nakapagbibigay ng mga masusustansiyang produkto tulad ng itlog at karne.

________ 3. Tunay na kapaki-pakinabang ang pag-aalaga ng hayop dahil ito ay nakapagbibigay ng karagdagang kita sa isang pamilya.

________ 4. Nasasayang lamang ang oras ng isang tao sap ag-aalaga ng iba't-ibang uri ng hayop.

________ 5. Walang ibang dala sa tao ang mga hayop kundi perwisyo at sakit ng ulo.

________ 6. Ang pag-aalaga ng hayop ay isang mabisang paraan ng pag-eehersisyo na nakatutulong sa kalusugan.

________ 7. Ang mga dumi ng hayop ay maituturing na basura at walang pakinabang.

________ 8. Ang mga balahibo ng manok at pabo ay maaaring gawing mga palamuti sa bahay.

________ 9. Ang pagpaparami ng hayop ay isang magandang paraan upang kumita ng malaki.

_______ 10. Masama sa katawan ang labis na pag-aalaga ng mga hayop.

## ***Karagdagang Gawain***

Matapos mong mapag-aralan ang mga kabutihang naidudulot sa pag-aalaga ng hayop, subukan mong gawin ang mga sumusunod.

1. Iguhit ang paborito mong hayop na inaalagaan sa bahay at bigyang linaw ang sumusunod na mga tanong.

    a. Ano ang pangalan ng alaga mong hayop?

    b. Gaano karami ang inaalagaan mo?

    c. Ano-ano ang mga kabutihang dulot nito sa iyo?

# *Susi sa Pagwawasto*

**SUBUKIN**

1. M
2. T
3. M
4. T
5. M
6. T
7. T
8. M
9. T
10. T

**TUKLASIN**

1. Ang Aking Pusa
2. pusa
3. mabait,mataba,mali ksi
4. saya at tuwa.
5. Ang isang pusa nagging anim na

**BALIKAN**

1. Armored Scale
2. Ring Borer
3. Aphids
4. Plant Hopper
5. Leaf Roller

**PAGYAMANIN**

1. tama
2. tama
3. tama
4. mali
5. tama

**ISAISIP**

(Mga posibleng sagot)

1. Dahil ito ay nakapagbibigay ng mga masusustansiyang produkto tulad ng itlog at karne na pangunahing pangangailangan ng tao. Nakakapagdagdag kita at nagbibigay saya sa pamilya.

2.

-Nakapagbibigay saya at nakakaalis ng inip.

-Nakapagpapabuti sa kalusugan.

-Nakapagpapaunlad sa kabuhayan ng mag-anak.

-Nakapagbibigay ng pagkain tulad ng itlog at karne.

-Nakatutulong sa mga gastusin sa bahay.

**ISAGAWA**

1. a
2. b
3. a
4. c
5. a

**TAYAHIN**

Gawain 1

1. A
2. B
3. D
4. F
5. G

Gawain 2

1. ✓
2. ✓
3. ✓
4. ✕
5. ✕
6. ✓
7. ✕
8. ✓
9. ✓
10. ✕

**KARAGDAGANG GAWAIN:**

(Answer's may vary)

# *Sanggunian*


"Kaalaman at Kasanayan Tungo sa Kaunlaran." Batayang Aklat, Grade 5: pp. 85-86

Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 4: pp. 399- 403

*Teachers Guide* in Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 5, pahina 56 – 58

Most Essential Learning Competencies, pahina 345

*Curriculum Guide*, EPP5AG-0e-11

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph